

KAKAYAHAN SA PAGSUSURI NG TULA

Daryll Jim R. Angel

President Ramon Magsaysay State University, Philippines

ABSTRACT: Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng mga tula ng mag-aaral na nasa Grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University T.P 2017 2018, at natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: Madali para sa mga mag-aaral na suriin ang sukat ng tula at katamtamang mahirap para sa elementong tono, tugma at talinghaga. Nakaaapekto ang pananaw sa mga salik na mag-aaral, guro, pamilya at kaibigan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Mayroong pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula sa elementong sukat, tugma, tono at talinghaga. Mayroong pagkakaiba ang pananaw ng mga mag-aaral sa salik ng guro, mag-aaral, pamilya at kaibigan na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula. Mayroong maliit korelasyon sa antas ng kakayahan sa salik ng guro, pamilya, mag-aaral at kaibigan. Batay sa resulta nabuo ang mga mungkahi: Gumawa ang guro ng kagamitang pampagtuturo na makakatulong upang mapataas ang antas ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Ang mga guro ng panitikan ay magkaroon ng sapat na kaalaman sa pagsusuri ng mga tula. Iminumungkahi na bigyan nang sapat na oras ang mga mag-aaral ng mga pagsasanay sa pagsusuri ng tula upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-aanalisa ng tula. Paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay katuturan sa mga tayutay, simbolo at talinghaga. Ang mga mananaliksik at mga guro ng panitikan ay nararapat na magsagawa ng higit na mas lalim na pag-aaral katulad ng paksang ito.

KEYWORDS: *Elemento ng Tula, Kakayahan ng mga Mag-aaral, Pagsusuri ng Tula, Tula, Salik sa Kakayahang Pagsusuri*

I. INTRODUCTION

Ang pagsusuri ay ang pag-aanalisa o pag-oobserba upang mapag-aralan at mabigyang kasagutan ang problema. Dito hihimayin ang paksa sa maliliit na bahagi at mainam na maunawaan ang bawat detalyeng nakapaloob dito. Kalimitan itong ginagamit sa siyentipikong pamamaraan at pang-akademiko. Maaari ring gamitin kahit sa simpleng pag-oobserba gamit ang limang pandama. Sa asignaturang Filipino, hindi mawawala ang mga gawaing pagsusuri lalo na sa mga akdang pampanitikan.

Ang pag-aaral na ito ay magiging instrumento upang malaman ng guro ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan ng mga bata sa pagsusuri ng tula at makagawa ng paraan ang guro upang mapagtuunan ng pansin ang ibat ibang elemento ng tula kung saan nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsusuri.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University taong panuruang 2017-2018.

II. RELATED LITERATURE AND STUDIES

Ang maigting na pagbabago ng kurikulum ang dahilan kung bakit patuloy din ang mga guro sa pagsasanay at tungo sa mahusay na pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang kasanayan at kaalaman. Ang pananaliksik sa larangan ng iba't ibang asignatura ay patuloy na isinasagawa upang makaagapay sa mabilis na pagbabago ng panahon.

Sa loob ng silid-aralan ay napakahalaga na ang guro ay magtaglay ng maraming estratehiya upang maganyak ang mga mag-aaral na makinig at umunawa tungo sa mabisang pagkatuto. At ang aral na kanilang natutunan ay magagamit nila sa kanilang mga pang-araw-araw na pamumuhay. Sa makatuwid, isa sa nakaaapekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral ang mga estratehiya ng guro na ginagamit sa kanyang pagtuturo.

Salik sa Guro

Ayon kay Pajarillo (2010), ang kagamitang pampagtuturo ay bagay naginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng mga katotohanan, kasanayan, saloobin, kaalaman, palagay, pang-unawa at pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang lalong maging kongkreto, tunay, daynamik at ganap ang pagkatuto. Hindi sapat na may magagamit na kagamitang pampagtuturo ang isang guro kundi kailangang alam niya kung kailan gagamitin ang mga ito.

Ayon sa ilang pag-aaral, karamihan sa mga bata sa loob ng silid-aralan ay natututo kapag may nakikita silang materyales sa pagtuturo ng guro. Kung kaya't ang kagamitang pampagtuturo ay lubusang makatutulong sap ag-unlad ng kaalaman ng mag-aaral.

Bukod sa pagtuturo, nakakaapekto din sa kakayahan ng isang bata lalo na sa pagsusuri o sa pagaanalisa ng panitikan ang mga kagamitang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng mga ito. Kung kaya dapat na maging maingat ang guro sa pagpili ng mga kagamitang gagamitin ng isang guro sa pagtuturo ng bawat paksa lalo na sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikang katulad ng tula.

Ayon sa pananaliksik nina Gurdiel, Pallarca, Dela Cruz, Barcelo, Dela Paz, Rosales (2015) halaw sa pahayag ni Manuel na pinamagatang Guro: Tagahubog ng Kinabukasan ng Sambayanan, malaki ang impluwensya ng mga guro sa kanyang mga estudyante maging sa personal na buhay man ito o kinabukasan. Kaya naman, nararapat na pahalagahan ng isang guro ang kanyang propesyon hindi lamang bilang isang trabaho kundi isa ring misyon na may kaugnayan sa kinabukasan.

Ayon kay Villafuerte (2000), isa sa pinakaepektibong tagapaglaganap ng batayang kaalaman sa Filipino ay ang sistema ng paaralan. Ayon sasikolohistang si Jean Piaget, ang normal na hakbang ng kognitibong paglinang ay dapat harapin ng mga mag-aaral upang matutuhan nilang harapin ang mga gawain tungo sa mas mataas na kognitibong pag-iisip sa Filipino. Hindi lamang kaalaman ng mga katotohanan ang kailangang matutuhan kundi ang pag-unawa sa iba't ibang larangang akademiko gaya ng paglalapat ng mga prinsipyong natutunan sa konkretong sitwasyon, paggawa ng makabuluhang analisis, pagbubuo ng sintesis, at malikhaing pagbuo ng mga pangyayari at ebalwasyon.

Ang Panunuring Pampanitikan ay isang malalim na paghimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa mga malikhaing manunulat at katha. Isa sa kailangang pagtuunan ng pansin sap ag-aaral ng mga akdang pampanitikan ay ang pagsusuri ng mga ito. Hindi sapat na binasa lang ang akda. Kinakailangang naiintindihan ng husto ng mga mag-aaral ang ideyang nais iparating ng may-akda lalong lalo na sa pagbasa ng tula. Sa pagsusuri ng anumang akda ay dapat maging maganda ang paksa, may kalinisan ang wika at organisado ang paglalahad. Sa pagsusuri ay mahalagang mahagap ng may-akda ang kanyang piniling paksa, mahusay ang pagtatalakay at organisasyon ng material, malinaw ang balangkas na kinapapalooban ng malinaw na tesis o argumento na sinundan ng buong sanaysay, may naidagdag sa kasalukuyang kaalaman tungkol sa panitikan at mahusay at makinis ang pagkakasulat. Ang pahayag sa itaas ay nagmula kay Ongoco (2017), na naging lupong inampalan sa timpalak sa pagsulat ng sanaysay-panunuring pampanitikan sa panitikang nasusulat sa katutubong wika sa Pilipinas.

Ipinahayag ni Strong (2009), sa pagbabasa ng tula at maikling kwento na may malinaw na pag-unawa at pagkilala sa mga salita, pagsusuri sa kanilang kahulugan at ideya at panganib ng mga kaisipan sa iba't ibang paraan tulad ng paglutas ng praktikal na problema.

Ayon kay Alejandro (2010), ang tula ay nangangahulugannng likha at ang makata ay tinatawag na manlilikha. ang tula ay isang pagbabagong hugis sa buhay. Sa tulong ng guniguni, ang buhay ay nabibigyan ng bagong anyo ng makata. Kalikasan at buhay ang pinaghahanguan ng paksa ng makata at sa pamamagitan ng larawang-diwa ay pinupukaw niya ang ating damdamin.

Ayon naman kay Hernandez (2010), "Ang tula ay hindi pulos na pangarap at salamisim, di pawang halimuyak, silahis, aliw-iw, at taginting. Ang tula ay walang di nagagawang paksain. Ang paham na si Plato ay nagturing na ang tula ay lalong malapit sa katotohanan kaysa istorya at ayon din kay Alexander Pope ay higit na maringal ang katotohanan kung nakadamit sa tula.

Sa pagsusuri ng tula, ang pananarili sa pananagisag sa tula ay hindi dapat panaigin. Ang katangian ng makasining na tula ay ang sikad na damdamin at lawak ng pangitain nito. Ang simulaing ito ay ayon kay Vega (2017), na siya ring nagsabing ang mahalaga sa tula ay ang lasa at hipo nito at hindi ang balat ng prutas. Ayon pa sa kanya, ang buhay raw ng sining ay nasa ubod at laman.

Sa pahayag na ito ni Vega, malinaw na ipinaliwanag niya na ang pagsusuri ng tula ay hindi basta-basta. Ang pagsusuri ng tula ay hindi lang sa pagbasa nito kundi sa pag-unawa ng ideyang nais iparating ng may-akda. ang kahalagahan daw ng tula ay nasa lasa at tipo hindi ang balat. Ibig sabihin ang tunay na diwa ng tula ay hindi sa anyo at kung papaano ito isinulat kundi sa pagpapakahulugan sa anyo at paraan ng pagkakasulat nito.

Ayon kina Evasco at Ortiz (2008), ang tula ay sinasabi ring uri ng sining ng may wikang nagsasaad ng higit pa kaysa sa ordinaryong pamamahayag. Karaniwang paraan ng pagsasabi nito ay sa higit na kaunting salita at higit sa kaunting espasyo. Pinayayabong ang anyo ng tula sa pamamagitan ng talinhaga.

Ayon sa isinagawang pananaliksik nina Balbacal et. Al. noong 2013, na may pamagat na “Kakayahan sa Pagsusuri ng maikling kwento at tula ng mga piling mag-aaral sa ikatlong antas ng mgamataas na paaralan ng Lungsod ng Cabuyao. Panuruang Taon :2012-2013, Mahina ang kakayahang pang-kognitibo ng mga mag-aaral buhat sa Cabuyao National High School, Southville1, at Gulod National High School sa larangan ng pagsusuri ng maikling kwento at tula. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mahina talaga sa pagsusuri ng akdang pampanitikan kagaya ng tula. Kung kaya’t ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa mga guro kung anong mga paraan ang maaring gawin upang mas mapalalim at mapahusay na masuri at maunawaan ang mga akdang pampanitikan na binabasa nila lalo na ang tula.

Ayon naman sa pananaliksik na isinagawa ni Suico (2016), “Pagsusuri ng Maikling Kwento at Tula sa Larangan ng Panitikan” ipinapakita na ‘Mahina’ o nasa pagitan ng 50 hanggang 60 bahagdan lamang ang antas ng marka ng mga mag-aaral. Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakaabot sa lebel ng pagkatuto at wala silang sapat na kakayahan sa pagsusuri ng tula, ngunit isang-kapat sa buong populasyon ng mga respondente ang naging mahusay o umabot sa tamang lebel ng pagkatuto.

Batay sa mga pananaliksik ng isinagawa ng mga naunang mananaliksik sa Pilipinas, malinaw na ipinakita sa kanilang pag-aaral ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng akdang pampanitikan lalo na sa tula. Natuklasan din ng kasalukuyang pag-aaral ni Suico na ang dahilan ng mahinang lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral ay dahil ‘minsan’ lang kung gumamit ang mga guro ng mga sumusunod na metodo sa kanilang pagtuturo ng pagsusuri ng Maikling Kwento at tula.

Salik ng Kaibigan at sosyal

Sa pag-aaral naman nina Belieg (2004), ang kaligirang sosyal ay isa rin sa salik na nakaapekto sa akademikong performans ng mag-aaral lalo na sa pagsusuri ng isang akda, isang salik sa pagkatuto batay sa isang kaligirang natural. Kaayusang pisikal, situasyunal at instroksyunal at ang kaayon-ayong relasyon ng guro at mag-aaral. Ang lahat ng ito ay mabibigyan kalutasan kung ang guro ay malikhain at may pagkukusa na gumawa ng hakbang para sa ikatatagumpay ng kanyang pagtuturo. Tumutukoy sa pag-at ayos ng silid-aralan.

Salik ng Teknolohiya

Ayon sa pag-aaral ni Rubin (2002), ang paggamit din ng mga makabagong teknolohiya gaya ng kompyuter ay isang epektibong paraan para mas mapadali ang paggawa ng gawain sa eskwela ngunit kalaunan, hindi na pang edukasyonal na layon ang sadya ng mga estudyante sa kompyuter, sa halip “computer games” at hindi alintana ang pagbabsa ng Akademikong Performans. Ang paggamit ng makabagong gadgets ay isa rin na nakaapekto sa pang-akademikong performans ng mga mag-aaral isa na dito ang patok na gamit pangteknolohiya ang cellphone. Ang dekalidad ng eduksayon ay makakamtan lamang kung malalaman ang mga salik na siyang makakatulong upang paunlarin ang performans ng mag-aaral.

Salik sa Mag-aral

Sa pag-aaral na isinagawa nina Fernandez (2011), ang pansariling salik ng mga mag-aaral ay isa rin sa salik na nakaapekto sa sa pagsusuri ng isang akda, isang salik sa pagkatuto batay sa isang kaligirang natural, kaayusang pisikal, situasyunal atinstroksyunal ng mag-aaral. Ayon din sa kanya ang dekalidad ng edukasyon ay makakamtan lamang kung malalaman ang mga salik na siyang makakatulong upang paunlarin ang performans ng mag-aaral.

Ayon naman sa pag-aaral nina Wambua (2012), napatunayan na ang mga mag-aaral ay mababa bang kakayahan sa pagkilala at magbigay paliwanag sa mga katuturan, ang paggamit ng terminolohiya na kalimitang ginagamit sa pagsagawa ng pag-aanalisa ng panitikan tuald ng tula, maikling kuwento. Iminumungkahi ng pag-aaral na mabawasan o maiwasan ang pagkahirap sa pagsusuri sa mga mag-aaral.

Sa magkatulad na pag-aaral na isinagawang pananaliksik ni Salameh (2012), mahigit na 40% porsyinto na mayroong mababang antas sa pagsusuri ng retorika, at tayutay. Lumabas na mahina ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa talinhaga ng tula dahil ayon sa kanila, kailangang nangtataglay ng malawak na pag-iisip ang isang indibidwal upang lubos na maunawaan ang talinhagang taglay ng isang tula.

Sa pag-aaral naman ni Green (2013), nagiging mas aktibo sila sa klase dahil na rin sa kanilang mga barkada. Nagkamit ng kabuuang mean na 3.44% na isang indikasyon na mas marami pa rin ang nagsabing mas naging aktibo sila sa klase kaysa sa mga nagsabing hindi.

Salik sa Pamilya

Ayon kay Jimsther (2009) ang kawalan ng baon ay ang pinaka unang rason ng mga bata upang makapag paliban sa pagpasok at makasira sa kanilang markahan sa paaralan importante ang baon sa mga estudyante upang makabili ng pagkain at hindi magutom sa paaralan, isa din ito sa rason upang mahiya sa mga batang mapanokso. Ang hindi kompletong pamilya at away bating pamilya ay nakakaapekto din ng malaki sa estudyante dahil naiisip nila ito at nadadala sa sitwasyon ng pamilya.

III. OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng mga tula ng mag-aaral na nasa Grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University taong panuruang 2017-2018.

Ang pag-aaral ay limitado sa pagtuklas ng kakayahan sa antas ng pagsusuri ng tula na binubuo ng tag-lilimang katanungan para sa tugma, sukat at tono at sampung (10) katanungan para sa talinghaga. Ang pag-aaral na ito ay may limistasyon sa pagtuklas ng pananaw na nakaaapekto sa pagsusuri ng tula tulad ng salik sa mag-aaral, salik sa guro, salik sa pamilya at salik sa kaibigan. Ito ay binubuo ng tag-lilimang (5) indikaytor sa bawat salik.

MATERIALS AND METHODS

Lugar ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Ramon Magsaysay Technological University, Iba Campus. Napili ang paaralang ito sapagkat akma ang mga mag-aaral ng paaralang ito para sa ginawang pananaliksik.


Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay kinabibilangan ng isang daan at animnapung mag-aaral ng grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University.

Paraan ng pangangalap ng Datos

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng mga tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University taong panuruang 2017-2018.

Ang mananaliksik ay masusing ginamit ang IV-DV na modelo ng pananaliksik. Ang dependent variable ay tumutukoy sa mga variable na interesadong malaman ng mananaliksik samantalang ang independent variable ay pinaniniwalaang nakaaapekto sa dependent variable. Para sa Independent Variable, nakapaloob dito ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral tulad ng mag-aaral, guro, pamilya at kaibigan. Samantalang nakapaloob naman sa dependent variable ang mga elemento ng tulang susuriin.



Tinukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng mga tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University taong panuruang 2017-2018 sa pamamagitan ng pagsagot sa inihandang pagsusulit. Nakapaloob sa pagsusulit ang mga tanong tungkol sa mga mga tulang susuriin at mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsusuri ng tula.

Ang mga datos na nakalap ay hinimay-himay at ginawan ng talahanayan upang magawan ng interpretasyon. Upang higit na maanalisa ang mga datos, ang mananaliksik ay gumamit ng iba't-ibang uri ng istatistiko tulad ng Pagbabahagdan (Percentage), Weighted Mean (\bar{x}), Frequency, Pearson r at Likert Scale.

IV. RESULTS AND DISCUSSION

Nakalahad sa bahaging ito ng papel ang mga datos na nakalap hinggil sa kasalukuyang pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga talahanayang ginamit ay malinaw na ipinakita ang mga resulta ng mga sagot sa talatanungan at istatistikang ginamit upang mabigyang kasagutan ang mga tiyak na katanungang binanggit sa itaas.

Ang unang talahanayan ay naglalahad ng buod ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral.

Elemento ng Tula		Tamang Sagot		Indeks ng Kahirapan	
		Bilang	Balyo	Intepretasyon	
1	Sukat	131	0.82	Madali	
2	Tugma	421	0.52	Katamtamang Mahirap	
3	Tono	515	0.64	Katamtamang Mahirap	
4	Talinghaga	1,093	0.68	Katamtamang Mahirap	

Sa kabuuan nakuha ng index ng kahirapan na 0.82 na nangangahulugang madali ang pagsusuri ng tula ayon sa sukat nito. Batay sa resulta, naging madali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa tula ayon sa sukat. Ang mga mag-aaral ay maalam sa pagbibilang ng pantig bawat saknong. Ang sukat ay tumutukoy sa pagkuha ng bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong. Sa pagsusuri ng tugma naman ay nakuha ng index ng kahirapan katumbas na 0.52 na nangangahulugang katamtamang mahirap ang pagsusuri ng tula ayon sa tugma nito. Sa pagsusuri ng tula ayon sa tono ay nakuha ng index ng kahirapan na 0.64 na nangangahulugang katamtamang mahirap ang pagsusuri ng tula ayon sa tono nito. Ang tono ay nagpapakita ng emosyon o damdamin ng persona ng isang tula. Ang tono o persona ay masasabing pangalawa sa pinakamahirap na suriing elemento ng tula. Panghuli ay ang talinghaga na nakuha ng index ng kahirapan na 0.68 na nangangahulugang katamtamang mahirap ang pagsusuri ng tula ayon sa talinghaga.

Ang ikalawang talahanayan naman ay naglalahad ng buod ng mga pananaw ng mga tagatugon sa mga salik na nakaaapekto sa pagsusuri ng tula.

	Salik	OWM	WM	Rank
1	Mag-aaral	3.47	Nakaaapekto	4
2	Guro	3.92	Nakaaapekto	1
3	Pamilya	3.51	Nakaaapekto	3
4	Kaibigan	3.69	Nakaaapekto	2
	Kabuuan	3.65	Nakaaapekto	

Batay sa nakalap na datos “nakaaapekto” ang naging tugon ng mga mag-aaral para sa salik ng mag-aaral at pang-apat sa mga salik batay na weighted mean na 3.47; ang salik sa guro, ay may weighted mean na 3.92 at bialng pangunang salik; ang salik sa pamilya na may weighted mean na 3.51 at bilang pangatlong salik samantlang ang salik sa kaibigan na may weighted mean na 3.69 at natamong bilang pangalawang salik na nakaaapekto sa pagsusuri ng tula. Sa kabuuan, nagtamo ng overall weigthed mean na 3.65 na nangangahulugang nakaaapekto ang mga salik na mag-aaral, guro, pamilya at kaibigan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula.

Ang ikatlong Talahanayan ay tumutukoy sa Makabuluhang kaugnayan ng salik na nakaaapekto sa pagsusuri ng tula at antas ng kakayahan.

Pinagmulan ng Korelasyon		Antas ng Kakayahan sa pagsusuri ng Tula
Salik sa Mag-aaral	Pearson Correlation	0.218**
	Sig. (2-tailed)	0.006
Salik sa Guro	Pearson Correlation	0.298**
	Sig. (2-tailed)	0.000
Salik sa Pamilya	Pearson Correlation	0.189*
	Sig. (2-tailed)	0.017
Salik sa Kaibigan	Pearson Correlation	0.237**
	Sig. (2-tailed)	.003
	N	160

** . Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).

Ang kompyutasyon ng Pearson $-r$ katumbas na 0.218** ay nangangahulugan na may maliit o bahagyang kaugnayan sa antas na kakayahan sa pagsusuri ng tula sa salik sa mag-aaral sa pagsusuri ng

tula. Ang kompyutasyon ng Pearson $-r$ katumbas na 0.298** ay nangangahulugan na may maliit o bahagyang kaugnayan sa antas na kakayahan sa pagsusuri ng tula sa salik sa guro sa pagsusuri ng tula. Ang kompyutasyon ng Pearson $-r$ katumbas na 0.189** ay nangangahulugan na may maliit o bahagyang kaugnayan sa antas na kakayahan sa pagsusuri ng tula sa salik sa pamilya sa pagsusuri ng tula. Ang kompyutasyon ng Pearson $-r$ katumbas na 0.237** ay nangangahulugan na may maliit o bahagyang kaugnayan sa antas na kakayahan sa pagsusuri ng tula sa salik sa kaibigan sa pagsusuri ng tula. Sa kabuuan, may makabuluhang kaugnayan ang salik na nakaaapekto sa pagsusuri ng tula at antas ng kakayahan.

V. CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa buod na kinalabasan ng pag-aaral, natuklasan ng mananaliksik na nadadalian ang mga tagatugon sa pagsusuri ng sukat ng tula samantalang katamtamang nahihirapan naman ang mga tagatugon sa pagsusuri ng tono, tugma at talinghaga nito. Nakaaapekto ang pananaw sa mga salik na mag-aaral, guro, pamilya at kaibigan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Mayroong pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula sa elementong sukat, tugma, tono at talinghaga. Mayroong pagkakaiba ang pananaw ng mga mag-aaral sa salik ng guro, mag-aaral, pamilya at kaibigan na nakakaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula. Mayroong maliit o bahagyang korelasyon sa antas ng kakayahan sa salik ng guro, pamilya, mag-aaral at kaibigan.

Mula sa mga konklusyon nabuo ang ilang mungkahi na higit na pag-ibayuhin ng mga guro at magsagawa ng makabuluhang kagamitang pampagtuturo na makakatulong upang mapataas ang antas ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Nararapat din na ang mga guro ng panitikan ay magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksang kanilang tinatalakay lalo na sa pagsusuri ng mga tula. Iminumungkahi rin na bigyan nang sapat na oras ang mga mag-aaral ng mga pagsasanay sa pagsusuri ng tula upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-aanalisa ng tula. Paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay katuturan sa mga tayutay, simbolo at talinghaga at ang pinakahuli sa lahat ay ang mga guro ng panitikan ay nararapat na magsagawa ng higit na mas malalim na katulad na pag-aaral na magpapakita ng kaugnayan sa resultang natamo sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral.

REFERENCES

- [1]. Adu EO, Olatundun SO 2007. Teachers' Perception of Teaching as Correlates of Students' Academic Performance in Oyo State Nigeria. *Essays in Education*, 20: 57-63.
- [2]. Alejandro (2010), <http://filipino-tula.blogspot.com/2010/06/ano-nga-ba-ang-tula.html>
- [3]. Balbacal, M.H., Managkil J., Peret N., Salmingo F., (2013). Kakayahan sa Pagsusuri ng Maikling Kwento at Tula ng mga Piling Mag-aaral sa Ikatlong Antas ng mga Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Cabuyao. *Panuruang Taon :2012-2013*
- [4]. Barasa, P. L. (2009). *English Language Teaching in Kenya, Policy, Training and Practice*. Eldoret: Moi University Press.
- [5]. Belieg (2004), <https://www.slideshare.net/xhimaii24/fildox>
- [6]. Bringas, G. L. (2007). Kakayahan sa Pagbasa at Pagsulat ng mga Estudyante sa Inang Taon ng Kolehiyo ng Abra Valley Colleges. *Di-Nailathalang Tesis*.
- [7]. E. T. da Silva, M. de Fátima Nunes, L. B. Santos, M. G. Queiroz, C. R. Leles Article first published online: 29 DEC 2010 DOI: 10.1111/j.1600-0579.2010.00669.x
- [8]. Evasco, Eugene at Ortiz, Will. (2008), *Palihan: Hikayat sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat*. (C& E Publishing, 2008)
- [9]. Farrant, J. S. (2005). *Principles of Education*. London: Longman Educational Texts.
- [10]. Fernandez (2011) <https://www.slideshare.net/lourise/research-paper-in-filipino>
- [11]. Gayley (2008), <http://panulaangfilipino.blogspot.com/2016/03/>
- [12]. Green (2013) https://www.academia.edu/17254368/Final_thesis
- [13]. Guerrero (2014) <http://tradisyunalatmodernongpagtuturo.blogspot.com/>
- [14]. Gurdiel, C., Pallarca, A.M., Dela Cruz, R., Barcelo, A.G., Dela Paz, C., Rosales, J., (2015): *Mga Salik Tungo Sa Epektibong Pamamaraan Ng Pagtuturo Sa Mga Estudyanteng Nag-Aaral Ng Batsilyer Ng Edukasyong Pangsekondarya Sa Cavite State University S.Y.2015-2016*
- [15]. Hernandez (2010), <https://www.scribd.com/document/337210319/Mga-Elemento-Ng-Tula>
- [16]. Jimsther (2009), <http://jimesther.blogspot.com/2009/03/suliranin-ng-isang-estudyante.html>
- [17]. King'ei, K. & Kisovi, C. (2005). *Misingi ya Fasihi Simulizi*. Nairobi: Kenya Literature Bureau.
- [18]. Ongoco (2017), <https://www.slideshare.net/kahulugan-at-kahalagahan-ng-panunuring-pampanitikan-katangian-ng-isang-mahusay-na-kritiko>

- [19]. Pajarillo (2010), http://www.academia.edu/34747890/Kakayahan_sa_Pagsusuri_ng_indie_film_ng_mga_magaaral_sa_Ikasampung_Baitang
- [20]. Rubin (2002), http://www.academia.edu/28885174/thesis._teknolohiya
- [21]. Salameh(2012),https://www.academia.edu/2421622/Some_problems_students_face_in_studying_English_poetry_in_Jordan_a_corpus-driven_study_of_students_responses
- [22]. Strong (2009) <https://www.scribd.com/document/326482288/1-Pagpapalawak-Ng-Kakayahan-Sa-Pagsusuri-Ng-Maikling-Kwento-at-Tula>
- [23]. Suico (2016), <https://www.scribd.com/document/326482288/1-Pagpapalawak-Ng-Kakayahan-Sa-Pagsusuri-Ng-Maikling-Kwento-at-Tula>
- [24]. Vega (2017), <https://www.slideshare.net/karenmfajardo/kahulugan-at-kahalagahan-ng-panunuring-pampanitikan-katangian-ng-isang-mahusay-na-kritiko>
- [25]. Villafuerte, P. (2000). *Panunuring Pampanitikan*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.
- [26]. Wambu (2012), <https://es.scribd.com/document/324307454/Depinisyon-Ng-Terminolohiya>